
LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

## Si Bora at ang Kaibigan Niyang Dolphin




Isinulat ni Ban Monineath
Iginuhit ni Choeurn Bros



Si Bora at ang kaniyang pamilya ay nakatira sa isang nayon sa tabi ng dagat. Gustong-gusto niya ang tubig. Mahilig din siyang mamangka kasama ang kaniyang mga magulang.




Isang umaga, nakakita si Bora
ng isang munting *dolphin* na
nabitag ng isang lambat!
Pinipilit ng dolphin na makawala
sa lambat.
"Huwag kang matakot. Tutulungan
kita," sabi ni Bora.



Matapos mapalaya ang munting dolphin ay pinakakain at inaalagaan na ito ni Bora araw-araw. Minahal na niya ang dolphin at itinuring bilang isang kaibigan.





Ngunit isang araw, ang munting dolphin ay hindi na nagpakita kay Bora.
Labis na nalungkot si Bora at nag-alala sa kaniyang kaibigan.
Bumabalik pa rin si Bora sa tabing-dagat araw-araw upang hintayin ang muling pagbabalik ng dolphin.



Makaraan ang maraming araw ay muling bumalik ang dolphin. Tuwang-tuwa si Bora! Ngunit tila nag-aalala ang munting dolphin. Lumalangoy ito nang pabalik-balik na para bang gusto nitong lumusong sa tubig ang kaibigan.

"Ano iyon, munting dolphin? Paano kita matutulungan?" tanong ni Bora.





Sumisid at umahon ang dolphin na may dalang isang munting mahiwagang bato. Ibinigay niya ang bato kay Bora.



Mahigpit na hinawakan ni Bora ang bato habang ang isang kamay naman ay nakayakap sa dolphin. Nagulat si Bora na siya ay may kakayahang huminga habang sila ay sumisisid sa dagat.



Lumangoy sila hanggang sa marating ang tirahan ng mga dolphin. Lumapit ang lahat ng dolphin upang batiin si Bora. Humingi ng tulong ang pinuno ng mga dolphin kay Bora. Napaisip si Bora kung ano ang puwede niyang maitulong sa kanila.



Dinala ng pinuno ng mga dolphin si Bora sa isang bahagi ng dagat na hindi pa niya nakikita. Punong-puno ang lugar ng mga palutang-lutang na mga basura at mabahong amoy ng kemikal.



Lumangoy sila sa ibabaw na bahagi ng dagat malapit sa mga basura. Langhap na langhap ni Bora ang nakasusukang amoy ng basura.

"Umalis na tayo rito," sabi ni Bora. "Hindi maganda sa kalusugan ang amoy na ito."



Nang paalis na sila, isang grupo ng mga dolphin ang mabilis na lumalangoy patungo sa kanila. May nakabuntot sa kanila na isang sasakyang-pangisda na may malaking lambat.



Sinubukan nilang lumayo at tumakas. Ngunit si Bora at ang mga dolphin ay nahuli ng lambat. Hindi nila alam kung ano ang gagawin.

Naalala ni Bora ang kaniyang mahiwagang bato. Ginamit niya ito upang putulin at makawala sila sa lambat.



Ang sunod na naalala ni Bora ay nakatayo na siya sa tabing-dagat kasama ang iba pang mga tagabaryo.
Sa gitna ng dagat, kitang-kita ang sanhi ng mga basura. Naisip ni Bora na ito na ang tamang oras upang simulan ang pagbabago at paglilinis ng dagat.



Hinikayat ni Bora ang mga tao sa baryo na linisin ang dagat. Pinakiusapan niya rin ang lahat na iwasan ang pagtatapon ng langis at kemikal sa tubig.



Sa muling pagbisita ni Bora sa dagat, malinaw at malinis na ito. Gusto niyang magdiwang kasama ang mga kaibigan niyang dolphin.
Ngunit nasaan na kaya ang mga ito?



Isang araw, habang kasamang namamangka ni Bora ang kaniyang ina sa dagat, nakita nila ang mga dolphin. Masaya ang mga ito na tumalon-talon at nagtatampisaw sa malinaw at malinis na dagat.



Ngayon ay nagtutulungan na ang lahat ng mga tagabaryo upang panatilihing malinis ang dagat at mapangalagaan ang mga dolphin. Dahil sa kalinisan ng dagat at sa mga dolphin na palangoy-langoy rito, nakahikayat ang baryo ng mga turista mula sa iba't ibang panig ng mundo.

